Presented at the DLSU Research Congress 2019
De La Salle University, Manila, Philippines
June 19 to 21, 2019

# Ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Lente ng mga Pelikulang Hapones: Ang Pacifist Anime Bilang Gunita at Daluyan ng Kultura, Kalinangan, at Kasaysayan

Maria Margarita Mercado Baguisi1,*
1 De La Salle University
*maria_margarita_baguisi@dlsu.edu.ph

**Abstract:** Nagsisilbing mayamang-batis kultural ang mga pelikula upang masuri ang kasaysayan at konteksto ng kinalalagyan ng lipunang lumikha nito. Bilang midyum ng alaala, pumapaloob ang pelikula sa konsepto ng "collective memory" kung saan maaring maging tagapamagitan ito ng identidad at pangkasaysayan kaalaman ayon sa pag-unawa ng kultural na representasyon nito. Batay dito, layunin ng papel ang suriin ang naging perspektiba ng mga Hapones sa Ikalawang Digmaang Pandaigidig (World War II) batay sa tatlong mga piling pelikulang historikal na pinamagatang, "The Grave of the Fireflies" (1988), "The Wind Rises" (2013), at "In This Corner of the World" (2016). Sa tulong ng mga nasabing pelikula, inaasahang matutunton ang mga naging karanasan at kasaysayan ng mga Hapones sa Ikalawang Digmaan Pandaigdig at kasama na rito ang naging pagkilala sa identidad sa bansang Hapon matapos ang digmaan (Postwar Japan). Mula sa pag-aaral nagkaroon ng pagpopook sa diskurso ng alaala bilang kasaysayan at ang mga karagdagang implikasyon nito. Itinatawid din mula rito ang pagsulong ng progresibong kamalayang nakatuon sa pagpupunyagi ng mga Hapon para sa kapayapaan sa kabila ng dagok ng karahasan dulot ng digmaan. Sa kabila nito, inimumungkahi ng papel bagama't ang mga pelikula ay nagsilbing daluyan ng pilosopiyang pangkapayapaan, hindi ito itinuturing angkop na pamamaraan sa pagpataw nito ng kaalamang historikal dahil masalimuot ang paggamit ng kolektibong alaala sa paglahad ng kasaysayan.

**Key Words**: Ikalawang Digmaang Pandaigdig; Pelikulang Hapones; Pacifism; Anime

## 1. Panimula

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig nagkaroon ng radikal na pagbabago ang bansang Hapon sa pakikitungo nito sa mundo. Tinalikuran nito ang paggamit ng digmaan at ipinatupad ang pagtigil sa pagpapanatili ng pwersang militar bilang pag-angkop sa nagbabagong konteskto ng ugnayang pandaigdig sa mundo. Mula rito, niyakap ng mga Hapones ang prinsipyong "Pacifisim" na isang paniniwalang tumututol sa militarismo, paggamit ng karahasan, at digmaan. Nang sumailalim ang mga Hapones sa okupasyon ng Estados Unidos, ipinataw ang maraming pagbabago sa konstitusyon ng bansa. Isa rito ay ang Artikulo 9 na nagsasaad sa pagtalikod ng bansang Hapon sa paggamit sa digmaan at ang pagtigil sa pagpapanatili ng pwersang militar, upang matugunan ang anumang mga salungatang-pandaigdig o bantang pang-militar mula sa ibang bansa na maaaring humamon sa seguridad ng bansa. Ang lakas militar ng bansa ay nanatili lamang sa kakayahan nitong pangdepensa (defensive military) at hindi sa kakayahang pang-atake (aggressive military/offensive military). Maliban sa mga pulitikal na pagbabago ay nadatnan din ang mga pagbabago sa ekonomiya, industriya, at kasabay nito ang pag-unlad din ng ibang bansa. Tumaas ang konsumerismo sa panahon matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kaugnay sa paggamit at pagtangkilik sa "mass media" ng mga mamamayan. Mula rito, malaking bahagi ng kulturang "post-war" ay tumugon sa mga pangangailangan ng mga Hapones na normalisahin ang lipunan matapos ang pagkatalo sa digmaan. Kasama rito ang produksyon ng iba't ibang uri ng panglibang tulad ng industriya ng "animation". Dahil dito, unti-unting nagbalik at nabuhay ang pagguhit ng "anime," muling lumakas ang industriya ng "Japanese Animation" at dahil sa dulot na bagong sigla sa industriya, naging daan ito tungong modernisasyon ng mga "anime" dala na rin ng pagtangkilik ng "mass media". (Gordon, 2012, p. 26).

Simula naman noong 1970's hanggang sa kontemporaryong panahon, nagkaroon ng pagkonsumo sa tinaguriang, "Kawaii Culture". Dumami ang produksyon ng mga "anime" na pumapatungkol sa mga kwento at naratibo ng mga itinuturing "walang tinig" sa patriarkal na lipunan ng mga Hapones tulad ng mga kababaihan, kabataan, at kahit mga hayop. Batay dito, ang ideya ng "cute" ("kawaii") ay ang pagbibigay-diin sa "sense of pathos that the powerless and the helpless object 3 inspires in the observer's mind" (Sato, 2009, p. 38). Sinasabing ang kulturang kawaii ay nagsilbing isang mekanismo upang matugunan ang nararamdamang pagkaawa sa sarili ("self-pity") at pagtatakip o pagtalikod mula sa realidad o katotohanan (escapism) (Sato, 2009, p. 40). Malaking dahilan sa pagbunga ng kulturang kawaii ay ang pagkatalo ng bansang Hapon sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kaugnay nito ang pagkalinga at suporta na ibinigay ng Estados Unidos sa mga Hapones kung kaya nagkaroon ng pagtuon ang mga ito sa tinig ng isang "disempowered". Sa pag-aaral na ito, papaksain ang kabuluhan ng mga piling pelikulang historikal na 'anime' na bahagi ng kulturang kawaii, bilang daluyan ng kasaysayan at pilosopiyang pangkapayapaan. Bilang salamin ng lipunang "post-war" at ng mga nagbabagong sosyo-pulitikal na klimang ginagalawan ng mga Hapones, inaasahang matunton ang halaga at kabuluhan ng mga pelikulang ito bilang kolektibong "catharsis" ng mga Hapones at bansang Hapon bilang kabuuan. Inimumungkahi at layon ng papel pananaliksik ang magbigay ng pagproseso sa naging madilim na karanasan ng bansang Hapon sa nakaraang digmaan. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri ng mga pelikula, ilalahad ang naging paraan ng pagbabahagi ng mga Hapones sa kasaysayan ng digmaan ayon sa pangkultural na midyum

gamit ang mga "animated" na pelikula na may temang historikal. Layunin din ng papel na suriin ang kabuluhan at implikasyon ng nilalaman na "collective memory" sa mga pelikula at ang usapin ng perspektiba sa kasaysayan batay sa kultural na representasyon nito.

## 2. Metodolohiya

Upang matunton ang kabuluhan ng alaala ng digmaan batay sa pagsasalarawan nito sa pelikula ginamit ng pag-aaral ang konseptwal na balangkas ni Maurice Halbwachs nang "collective memory". Mula rito, itinuturing ang kolektibong alaala o gunita ay isang uri ng representasyon ng kasaysayan. Ang kultural na pagsaalaala ng nakaraan ay binibigyang-halaga at diin bilang tagapamagitan ng kasaysayan sa publiko na ginagamit ang pelikula bilang midyum at daluyan ng kaalamang ito. Gamit ang metodolohiyang "descriptive-narrative-analytical" (Lemon, 2002) at "phenomenological hermeneutics" (Moustakas, 1994; Kafle, 2011) susuriin ng papel ang tatlong pelikulang tumalakay sa buhay ng ng mga Hapones sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Naging batayan ng unang pelikula na pinamagatang, "The Grave of the Fireflies" (Hotaru no Haka; 1988) ang isang "semi-autobiography" ni Akiyuki 4 Nosaka noong 1967 (magkaparehong pamagat) na tinalakay ang mga naging karanasan ng pangunahing tauhan na si Seita sa taong 1945 kung saan naganap ang "firebombing" sa Kobe. Ang ikalawang pelikula na pinamagatang, "The Wind Rises" (Kase Tachinu; 2013) ay nagsilbing isang "biographical" na pelikula ayon sa buhay ni Jiro Hirokoshi na lumikha sa modelo ng Mitsubishi A5M at ang Mitsubishi A6M Zero Fighter at ginamit bilang pangunahing "fighting aircraft" ng bansang Hapon sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang ikatlong pelikulang pinamagatang, "In This Corner of the World" (Kono Sekai no Katasumi ni; 2016) ay isang kwentong-buhay noong panahon ng digmaan na nakatuon sa kahirapan at kagipitan batay sa perspektiba ng isang dalagang Hapones. Ang tatlong pelikulang sinuri ay sadyang tinalakay at isinalarawan ang pang-araw araw na buhay ng mga sibilyang Hapones sa panahon ng Ikawalang Digmaang Pandaigdig kung kayat ginamit ito ng papel-pananaliksik upang matunton ang pangkalahatang kamalayan, kaisipan, ala-ala, at mga damdamin ng mga Hapones. Samakatuwid nadatnan at lumitaw ang inaadhikang pilosopiyang pangkapayapaan ng mga Hapones gamit ang pelikulang anime sa pamamagitan ng masusing pagsusuri ng mga ito.

## 3. Mga Alaala at Paggunita sa Nakaraan: "The Coping Mechanism"

Sa sikolohiya, sinasabing ang pagbabalik-tanaw sa mga magagandang alaala noong kabataan ay isang paraan upang harapin ang kasalukuyang kasawiangpalad (Sedikides, C., & Wildschut, T. , 2016). Tulad sa mga naipakita sa pelikula, naging makabuluhan ang papel ng nostalgia bilang isang mekanismong pang-suporta sa isang indibidwal upang matugon ang emosyonal at sikolohikal na mga pangangailangan sa panahon ng krisis. Dagdag sa pangangatwiran na ang nostalgia ay maaring isang maladaptive coping mechanism (Batcho, 2013) kung saan sinasalamin nito ang hindi pagtanggap sa mabigat na realidad dala ng mga problema, kahinaan ng loob upang harapin ng mga Hapones ang kakulangan at mga limitasyon ng kakayahan sa konteksto ng digmaan kung kayat itinuon sa pelikulang "anime" ang mga damdamin. Sa tatlong pelikula, laging binabahagi ang pagsaalala ng mga pangunahing tauhan sa mga panahon bago ang pagsapit ng digmaan. Sa nasabing pagbabalik-tanaw, nakita na puno ng kasiyahan, kapayapaan, at dalisay ang pamumuhay ang mga sibilyang Hapones. Sa kabila nito, walang naging lantad na pagsisisi

o panghihinayang ang ipinakita ng mga pangunahing tauhan ng sumabak sa digmaan ang kanilang bansa. Marahil dahil nakatali ang kanilang pagkilos sa kinabukasan bilang nasyon. Ipinakita sa pelikula ang naging kapalaran ng mga sibilyan dahil sa pagkawasak sa bayan, paghihiwalay ng mga pamilya, at ang pakaulila ng maraming kabataan. Kung tutuusin, isinalarawan na talagang kaawa-awa ang mga sibilyang Hapones dahil malaki ang naging negatibong epekto ng digmaan sa kanilang mga buhay.

## 4. Pelikula Bilang Daluyan ng Kapayapaan

Nadatnan mula sa mga pelikula ang naramdamang hinagpis at pagdadalamhati dulot ng kagipitan, kahirapan, at karahasang naranasan sa konteksto ng digmaan ng mga pangunahing tauhan. Kung tutuusin, talagang kaawaawa ang mga sibilyang Hapones dahil malaki ang naging negatibong epekto ng digmaan sa kanilang mga buhay. Lumilitaw ang negatibong epekto ng digmaan sa kabataan tulad sa kwento ng magkapatid na si Seita at Setsuko. Sa kasamaang-palad ikinamatay naman ng batang pamangkin ni Suzu na si Harumi ng nagkaroon ng "firebombing" sa kanilang bayan. Sa bahaging didaktiko ng pelikula, naroroon ang panawagan sa pagtangkilik sa pilosopiyang pangkapayapaan na tinaguriang, "Pacifism". Nakatali ito sa pagsunod sa Artikulo 9 ng bansa kung saan itinatakwil ng mga Hapones ang militarismo at ang paggamit ng karahasan. Dahil sa mga ipinakitang hindi kanais-nais na mga pagsasalarawan sa naging buhay ng mga Hapones noong panahong iyon, kritikal ang naging silbi ng pelikula upang ibahagi ang pagpayo at pagturo ang kamalian ng pakikipagdigma. Marahil inaasahang matutunan ang paggamit ng diplomasya upang lutasin ang mga isyu o problema. Dito nakapokus ang kwento ni Jiro, na sa pagtatapos ng pelikula ay lubos ang ikinalungkot sa naging kapalaran ng kanyang mga obrang eroplano. Sa kabila ng pagbabahagi ng progresibong kamalayan upang tumuligsa sa mga pumapanig sa pagbabalik ng militarismo nasa usapin ito ng perspektiba ng makaluma at makabagong henerasyon ng mga Hapones.

## 5. Identidad Bilang Biktima

Sa kasaysayan, kritikal ang usapin hinggil sa pagbuo at paglahad ng makatotohanang naratibo. Hindi maikakaila ang nagawang mga karahasan ng mga Hapones sa panahon ng digmaan tulad ng sistematikong at sapilitang panggagahasa sa mga kababaihan na tinaguriang "comfort women". Kasama dito ang pangangatwirang tinutulungan at inililigtas nila ang mga kapwa Asyano mula sa mga dayuhang Kanluranin (Greater East Co-Prosperity Sphere) na isang pagbabalat-kayo lamang ng mga imperyalistikong hangarin, kung kaya nagawa ang pananakop. Nadatnan na binigyang-diin ang "naratibong biktima" sa tatlong pelikulang sinuri. Una, ang pagkaulila ng magkapatid na si Seita at Setstuko. Ikalawa, ang paggamit ng obra ni Jiro para sa karahasan at upang ipalaganap ang ideya na isang karangalan ang pakikipagdigma para sa bansa (batay sa pulitika). Ikatlo, ang kasawiangpalad ni Suzu sa panahon ng digmaan. Kung mapapansin, makahulugan ang paggamit sa kabataan at kababaihan upang mapakita ang sinapit na kapalaran ng mga taong walang tinig sa lipunan ng mga Hapones. Para naman sa The Wind Rises, naramdaman ni Jiro ang pagiging biktima dahil sa pagkawala ng kanyang kakayahan sa pagtutol sa pakikibahagi ng kanyang obrang eroplano para sa digmaan. Bilang bahagi ng kulturang "kawaii", ang mga sinuring pelikula ay tumutuon sa identidad bilang mga biktima ng digmaan marahil upang makuha ang damdamin ng mga manonood. Ang nangingibabaw na kamalayan ay hindi bilang isang mananakop, kung hindi ang pagkilala sa sarili bilang mga biktima ng digmaan, lalo na sa "atomic bomb" ng Estados

Unidos sa Hiroshima at Nagasaki (Schneider, 2008, p. 109).Subalit, dapat bigyang-pansin ang kalupitan at karahasang ginawa ng mga Hapones sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

## 6. Kabuluhan sa Alaala ng Nakaraan Bilang Kasaysayan: Usapin ng Perspektiba

Masalimuot ang usapin hinggil sa paggamit ng kolektibong alaala sa paghulma ng naratibong pangkasaysayan dahil maraming implikasyon ito. Una, ay ang usapin sa perspektiba. Kinakailangan maging mapanuri sa paggamit ng alaala bilang kasaysayan lalo na sa midyum ng pelikula. Iniwasto sa pag-aaral na ang kolektibong alaala ay hindi dapat ituring na nasyonal na alaala sa konteksto ng usapin ng kasaysayan. Batay dito, ang kolektibong alaala ay marahil pinipigil ang paghatid ng negatibong impormasyon. Sa kaso ng mga Hapones, ang pagtatakip sa mga katotoohanan na mananakop ang mga Hapones sa Asya-Pasipiko noong panahon ng digmaan at hindi lamang mga biktima ng digmaan na ipinakita sa tatlong pelikulang sinuri. Sa ganitong paraan, "negative information is sometimes neglected, ignored, and forgotten. Second, it is sometimes presented and interpreted in such a way as to effectively suppress the bad signals by emphasis and elaboration on positive information (Dessi, 2008, p. 539)". Lumilitaw na bilang mga biktima ng digmaan, kinakailangan ng mga Hapones magkaisa upang labanan at tumutol sa anumang paggamit ng karahasan na tumutugon sa mga panawagang positibo. Ikalawa, sa isang "homogenous" na kultura, marahil hindi nababahagi ang naratibo o kolektibong alaala ng "iba" na nagkaroon ng magkaparehong karanasan o maging ang magkapanahunan noong panahon ng digmaan (hal. Karanasan ng dalagang Koreana o mga ulilang Instik). Kung tutuusin, malaking bahagi ng mga pelikula ay ang pagtuon lamang sa naratibo at perspektiba ng mga 14 kabataan at kababaihang Hapones na itinuturing marahil nakaranas ng "trauma" ng digmaan tulad ng kagipitan, pagkaulila, kagutuman, sakit, paghihiwalay sa pamilya, at pagkasira ng kapaligiran.

## 7. Konklusyon

Ang tatlong pelikulang sinuri ay tumatalakay sa naging buhay at mga karanasan sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Naging batayan ang isang "semi-autobiography" (Akiyuki Nosaka), buhay ng tunay na tao (Jiro Horikoshi), at ang kolektibong rekoleksyon ng isang dalagang Hapones sa pagbuo ng pangkasaysayang naratibo at kuwento hinggil sa naramdaman ng mga Hapones noong panahon ng digmaan. Natunton mula sa pag-aaral ang ang mga mga susing tema mula sa pelikula: katungkulang pampamilya, katungkulang pambansa, pagkaulila, at ang halaga ng nasyonalismo o pagmamahal sa bansa. Nabahagi mula sa mga pelikula ang pagkilala ng mga Hapones sa sarili bilang mga biktima ng digmaan. Kaugnay ito ng pag-usbong ng kulturang "kawaii", kung saan nagkaroon ng pokus sa tinig ng isang "disempowered." Ang mga pelikula ay nagsilbing "coping mechanism" na sinalamin sa nostalgia ng mga pangunahing tauhan sa panahon ng krisis at kasawiang-palad dulot ng digmaan. Dahil nakatuon ang naratibo sa mga itinuturing "walang tinig" sa lipunan tulad ng kababaihan at kabataan (The Grave of the Fireflies at In This Corner of the World) at ang tinig ng isang "biktima" ng pulitika at pamahalaan (The Wind Rises), isinulong ang panawagan sa pagtutol sa militarismo, karahasan, at digmaan. Alinsunod ito sa Artikulo 9 ng konstitusyon ng bansang Hapon at pagtuon sa pilosopiyang "Pacifism". Sa isang panig, makabuluhan ang kolektibong alaala sa mga pelikula dahil kinokonsumo ito ng mga Hapones at repleksyon ito sa paghulma ng identidad ng mga Hapones sa panahon ng "Postwar". Nadatnan na ng

kolektibong alaala ng mga Hapones mula sa pelikula ay marahil isang makasariling mekanismo upang matugunan lamang ang isang kolektibong "catharsis". Malaki ang implikasyon sa paggagamit ng kolektibong alaala upang itawid ang mga pangkasaysayang kaalaman dahil maaring pumapel ito bilang pambansang kasaysayan.

Subalit, mayroong kakulangan sa pagsasakonteksto ng digmaan mula sa mga pelikula. Dapat tapatin ng buo ang nagawang karahasan ng mga Hapones na naging bahagi sa pananakop noong Ikalawang Digmaang 15 Pandaidig. Sa kasaysayan, kinakailangan harapin ang responsibilidad sa nakaraan upang ilahad ang katotohanan.

**Sanggunian**

1. Akimoto, D. (2013). Miyazaki's new animated film and its antiwar pacifism: The Wind Rises (Kaze Tachinu). Ritsumeikan Journal of Asia Pacific Studies, 32, 165-167.
2. Akimoto, D. (2014). War Memory, War Responsibility, and Anti-War Pacifism in Director Miyazaki's The Wind Rises (Kaze Tachinu).
3. Akimoto, D. (2014). Howl's Moving Castle in the War on Terror. electronic journal of contemporary japanese studies.
4. Batcho, K. (2013). Nostalgia: Retreat or Support in Difficult Times? The American Journal of Psychology, 126(3), 355-367. doi:10.5406/amerjpsyc.126.3.0355
5. Darling-Wolf, F. (2015). What West Is It?: Anime and Manga according to Candy and Goldorak. In Imagining the Global: Transnational Media and Popular Culture Beyond East and West(pp. 101-123). ANN ARBOR: University of Michigan Press. Retrieved from http://www.jstor.org/stable/j.ctv65sw7r.9
6. Confino, A. (1997). Collective Memory and Cultural History: Problems of Method. The American Historical Review, 102(5), 1386-1403. doi:10.2307/2171069
7. Dessí, R. (2008). Collective Memory, Cultural Transmission, and Investments. The American Economic Review, 98(1), 534-560. Retrieved from http://www.jstor.org/stable/29729983
8. Igarashi, Y. (2012). Bodies of memory: narratives of war in postwar Japanese culture, 1945-1970. Princeton University Press.
9. Kansteiner, W. (2002). Finding Meaning in Memory: A Methodological Critique of Collective Memory Studies. History and Theory, 41(2), 179-197. Retrieved from http://www.jstor.org/stable/3590762
10. Lee, L. (2009). The Journal of Asian Studies, 68(4), 1291-1293. Retrieved from http://www.jstor.org/stable/20619899
11. Madge, L. (1998). Capitalizing on "cuteness": The aesthetics of social relations in a new postwar Japanese order. Japanstudien, 9(1), 155-174.
12. Maki, J. (1990). The Constitution of Japan: Pacifism, Popular Sovereignty, and Fundamental Human Rights. Law and Contemporary Problems, 53(1), 73-87. doi:10.2307/1191827
13. Napier, S. (2006). Matter out of Place: Carnival, Containment, and Cultural Recovery in Miyazaki's "Spirited Away". Journal of Japanese Studies, 32(2), 287-310. Retrieved from http://www.jstor.org/stable/25064646
14. Orr, J. J. (2001). The victim as hero: Ideologies of peace and national identity in postwar Japan. University of Hawaii Press.
15. Sato, K. (2009). A Postwar Cultural History of Cuteness in Japan. EDUCATION ABOUT ASIA, 14(2).
16. Schneider, C. (2008). The Japanese history textbook controversy in East Asian perspective. The Annals of the American Academy of Political and Social Science, 617(1), 107-122.
17. Sedikides, C., & Wildschut, T. (2016). Past forward: Nostalgia as a motivational force. Trends in cognitive sciences, 20(5), 319-321.
18. Winter, J. (2001). Film and the Matrix of Memory. The American Historical Review, 106(3), 857-864. doi:10.2307/2692328
19. Yoshimoto, M. (2002). The Journal of Asian Studies, 61(2), 727-729. doi:10.2307/2700339
20. Lemon, M. C. (2002). *The discipline of history and the history of thought*. Routledge.
21. Moustakas, C. (1994). *Phenomenological research methods*. Sage.
22. Kafle, N. P. (2011). Hermeneutic phenomenological research method simplified. *Bodhi: An interdisciplinary journal*, *5*(1), 181-200.